ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 08

NAG-AATAS SA MAS MASIGASIG AT PINA-IGTING NA PAGHAHANDA SA PAG-IWAS SA PAGKALAT NG COVID-19 SA MGA NEGOSYO AT ESTABLISIMYENTO SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, Noong Pebrero 2, 2020, ang Pangulong Rodrigo Roa Duterte ay naglabas ng isang direktiba ukol sa pagpigil at neutralisasyon ng pagkalat ng *COVID-19* kung saan ang lahat ng pinuno ng mga kagawaran, ahensya, tanggapan, at mga instrumento ng pamahalaan ay pinatnubayan upang magpatibay, makipag-ugnayan, at magpatupad ng mga patnubay at iba pang alituntunin na ilalabas ng *"Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases in the Philippines"* na nilikha sa pamamagitan ng *Executive Order No. 168, s. 2014*, kasama ang Kagawaran ng Kalusugan bilang Tagapangulo nito;

SAPAGKAT, kinumpirma ng Kagawaran ng Kalusugan ang pagkakaroon ng *local transmission* ng *COVID-19* sa Pilipinas;

SAPAGKAT, nagdeklara ang Pangulong Rodrigo Roa Duterte ng *"State of Public Health Emergency throughout the Philippines"* sa pamamagitan ng *Proclamation No. 922* noong Marso 8, 2020;

SAPAGKAT, may pangangailangan na paigtingin ang mga pagsisikap sa pagtugon at pamamahala sa pag-iwas sa pagkalat ng *COVID-19*, kabilang ang mga negosyo at establisimyento sa bayan ng Marilao na tumatanggap ng maraming bilang ng mga empleyado, kliyente at/o *customer*;

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas sa lahat ng mga negosyo at establisimyento sa bayan ng Marilao na gampanan ang mga kaukulang hakbang upang mapigilan ang pagkalat ng *COVID-19*, gaya ng mga sumusunod:

1. Dapat tiyakin na ang bawat establisimyento ay panatilihing malinis o *hygienic;*
2. Dapat gumamit ng mga *thermal scanners* sa mga pasukan o *entrance* ng bawat estabilisimyento upang masukat ang temperatura ng papasok na mga empleyado at/o bisita;
3. Dapat maglagay ng mga *hand sanitizers* o *alcohol dispensers* at tiyakin na ang mga ito ay palagiang may laman;
4. Dapat maglagay ng mga *posters* na nagtataguyod ng regular na paghuhugas ng mga kamay;
5. Dapat tiyakin na ang mga kawani, *customer* at/o bisita ay may *access* sa mga lugar kung saan maaari silang maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig;
6. Dapat tiyakin na may magagamit na mga *face masks* at/o *tissue* sa bawat establisimyento, para sa mga empleyado na magkakaroon ng sakit sa oras ng trabaho; at
7. Magkaroon ng patuloy na koordinasyon sa Pamahalaang Bayan, sa pamamagitan ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan, sa ***COVID-19 Hotline*: 0925-8881111**.

Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**10** ng **Marso**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) RICARDO M. SILVESTRE
Punong Bayan